

Para sa mga may hawak ng International Driving Permit

Pamamaraan ng pagmamaneho sa Japan

■ Upang makapagmaneho ka sa Japan, dapat mayroon kang isa sa mga sumusunod na lisensya:

- 1) Lisensya ng Japan
- 2) International Driving Permit batay sa Convention on Road Traffic (Geneva Convention 1949)

*Ang mga lisensya na hindi inisyu ng mga bansang kasali sa Geneva Convention o mga lisensyang inisyu ng mga bansang kasali, ngunit hindi naman naayon sa pormang itinakda ng nasabing convention ay hindi maaring gamitin sa pagmamaneho sa Japan.

- 3) Dayuhang Lisensya

Mga dayuhang*1 lisensya (limitado sa mga may nakalakip na pagsasalin ng lisensya sa wikang Hapon na inihanda ng isang tao*2 na itinakda ng Gabinete)

*1 Limitado sa mga mga bansa o rehiyong hindi nag-iisyu ng internasyonal na lisensya sa pagmamaneho at may sistema ng paglilisensya na kinikilalang kaantas sa Japan.(Estonia, Switzerland, Alemanya, Pransya, Kaharian ng Belgium, Prinsipalidad ng Monaco at Taiwan (ngayon sa Marso 1, 2020; tingnan ang Prefectural Driver's License Center para sa mga bagong impormasyon).

*2 Ang mga taong itinakda ng Gabinete bilang tagasalin sa wikang Hapon ay ang mga sumusunod. Hindi kasama dito ang mga dayuhang legal na tagasalin.

- 1) Mga administratibong ahensya ng mga dayuhang bansa o iba pang mga dayuhang konsolado, atbp., na may awtoridad na mag-isyu ng mga lisensya sa pagmamaneho. (Mga dayuhang ahensya na nag-iisyu ng mga lisensya at ang mga konsulado at embahada sa Japan ng mga bansang ito)
- 2) Ang mga dayuhang korporasyon o iba pang indibidwal na pinaalam ng dayuhang administratibong ahensya, atbp., na may hurisdiksyon sa mga batas at regulasyon na tumutugma sa Road Traffic Act ng Japan (limitado sa mga bahagi na nauugnay sa lisensya sa pagmamaneho) bilang may kakayahan ng paggawa ng pagsasalin sa wikang Hapon ng lisensya sa pagmamaneho ng dayuhang bansang iyon, at kinikilala na naangkop ng National Public Safety Commission. (Sa kasalukuyan, Taiwan-Japan Relations Association para sa lisensya ng mga Taiwanese at Allgemeiner Deutscher Automobil-Club (General German Automobile Club) para sa lisensya ng mga German ay kinikilala.)
- 3) Itinalaga ng National Public Safety Commission bilang isang korporasyon na kinikilala na may kakayahang wasto at tiyak na gumawa ng pasasalin sa wikang Hapon ng mga lisensya sa pagmamaneho na nauugnay sa paglilisensya mula sa mga dayuhang administratibong ahensya o kahalintulad nito na may kaugnayan sa pagmamaneho ng kotse (kasalukuyang nakatalaga ang JAF (JAPAN AUTOMOBILE FEDERATION))

■ Panahong maaring magmaneho sa Japan

- 1) Lisensya ng Japan: ang bisa ay sa loob ng panahong nakassad sa lisensya ng Japan
- 2) Ang International Driving Permit at dayuhang lisensya sa pagmamaneho: isang taon mula sa petsa ng paglapag sa Japan o ang panahon ng bisa ng lisensya, alinman ang mas maikli (kung ang taong naitala sa Basic Resident Register ay nakakuha ng kompirasyon ng pag-alis o pahintulot ng muling pagpasok sa Japan, at bumalik sa loob ng 3 buwan, ang petsa ng pagbabalik (paglapag) ay hindi magiging panimulang petsa ng panahong* maari kang magmaneho gamit ang International Driving Permit.

*Sumangguni sa nakalakip na larawan para sa panahong maari kang magmaneho gamit ang International Driving Permit.

Paraan ng pagkuha ng lisensyang Hapon

■ Para sa mga mayroong lisensya sa pagmamaneho mula sa ibang bansa,

- (1) Kaalaman sa mga sistema ng trapiko sa kalsada at iba pang mga kaalaman kaugnay sa pagmamaneho ng sasakyan, atbp.
 - (2) Kasaysayan ng pagmamaneho ng kotse
 - (3) Mga kasanayan na may kaugnayan sa pagmamaneho ng mga kotse
- kapag nakompirma sa Prefectural Public Safety Commission ang mga nasa itaas, hindi pakukuhanin ng pagsusulit sa kasanayan at sa akademiko sa Japan at maari ka nang makakuha ng lisensya ng Japan para sa kotse na pwedeng i-maneho gamit ang isang dayuhang lisensya.

Bilang karagdagan, para sa mga dayuhan na may hawak na lisensya mula sa ibang bansa (*) na may sistema ng paglilisensya na kinikilalang kaantas sa Japan ay hindi na rin kailangang kumuha ng pagsusulit sa kasanayan at kaalaman.

*Mga dalawampu't siyam na bansa at rehiyon ng Iceland, Ireland, Estados Unidos (limitado lamang sa estado ng Virginia, Hawaii, Maryland at Washington), United Kingdom, Italy, Australia, Austria, Netherlands, Canada, Korea, Greece, Switzerland, Sweden, Spain, Slovenia, Czech Republic, Denmark, Alemanya, New Zealand, Norway, Hungary, Finland, Pransya, Belgium, Poland, Portugal, Monaco, Luxembourg, Taiwan (Ngayon sa Marso 1, 2020 tingnan ang Prefectural Driver's License Center para sa mga bagong impormasyon).

■ Lugar ng aplikasyon

Mga Prefectural Police Driving License Center sa Japan, atbp.

■ Mga bagay na dapat tandaan

- 1) Matapos makakuha ng isang lisensya sa ibang bansa, dapat munang manatili sa nasabing bansa nang hindi bababa sa tatlong buwan (kakailanganin ang pasaporte na may selyo ng imigrasyon, atbp., upang patunayan ang tagal ng pananatili.).
- 2) Hindi pinapayagan ang mga aplikasyon na dinadaan sa isang proxy. Dapat ipresenta ang sarili sa pag-aaply.

■ Mga dokumento na kinakailangan kapag nag-a-apply para sa isang lisensya

1) Application form

* Kasabay ng application form, kailangan din magsumite ng isang "palatanungan" (mayroong nakasalin sa 11 wikang banyaga tulad ng wikang Ingles at Intsik) tungkol sa mga sintomas ng sakit. Kung may katanungang naangkop sa inyong kalusugan, hihingan ka ng detalyadong kwento tungkol sa iyong mga sintomas.

2) Isang larawan para sa aplikasyon

* Mga larawang kinuha sa loob ng 6 na buwan bago ang aplikasyon na walang pantakip ng ulo (para sa mga kadahilanang medikal at pangrelihiyon, pinapayagan ang mga indibidwal na magsuot ng pantakip ng ulo hangga't hindi natatakpan ang outline ng mukha.), harapang kuha, walang background, at kuha mula balik at pataas. 3.0x2.4 sentimetro ang sukat. Nakasulat sa likod ang pangalan at petsa ng pagkuha ng larawan.

- 3) Isang kopya ng Residence Certificate na kung saan nakatala ang iyong permanenteng paninirahan (para sa mga indibidwal na hindi sumasailalim ng Batas ng Pagrerehistro ng Residente, maaring gamitin ang kopya ng pasaporte, atbp.,)
- 4) Health Insurance Card, My Number Card, Residence Card, atbp. (Ipresenta)
- 5) Dayuhang lisensya sa pagmamaneho (ang International Driving Permit lamang ay hindi tinatanggap)
- 6) Salin sa wikang Hapon ng lisensyang nabanggit sa taas (inihanda ng taong kinikilala ng Gabinete (P1*2), uri ng sasakyan, atbp., na pwedeng i-maneho gamit ang lisensya, petsa ng pagkawala ng bisa ng lisensya, at ang mga kondisyong naglililaw ng limitasyon ng lisensya.)

7) Mga dokumento tulad ng pasaporte na may selyo ng imigrasyon na magpapatunay ng pananatili ng 3 buwan pataas sa bansang pinagkukunan ng lisensya matapos makuha ito.

8) Bayarin

■ Iba pa


Ang mga konsultasyon tungkol sa sakit at kapansanan ay tinatanggap sa Safe Driving Consultation Desk ng prefectural police.

Mangyaring makipag-ugnayan sa Prefectural Police Drivers' License Center para sa mga detalye tulad ng lugar ng aplikasyon, oras ng pagtanggap, mga dokumento na kinakailangan para sa aplikasyon, at mga bayarin.


Panahon kung kailan maaring magmaneho gamit ang International Driving Permit

1 Sa kaso ng paglapag sa Japan ng mga taong hindi nakarehistro sa Basic Resident Register

(1) Sa kaso ng unang paglapag sa Japan matapos makakuha ng International Driving Permit




(2) Sa kaso ng pagkakuha ng International Driving Permit matapos ang unang paglapag sa Japan




2 Kung ang isang taong nakarehistro sa Basic Resident Register ay lumabas at muling pumasok sa bansa

(1) Sa kaso ng muling pagpasok sa Japan matapos ang pananatili ng higit sa 3 buwan sa ibang bansa



(2) Sa kaso ng muling pagpasok sa Japan matapos ang pananatili ng hindi hihigit sa 3 buwan sa ibang bansa (Kasong marami sa mga taong hindi Japanese ang citizenship)



(3) Sa kaso ng muling pagpasok sa Japan matapos ang pananatili ng hindi hihigit sa 3 buwan sa ibang bansa (Kasong marami sa mga Japanese Citizen)

